Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

## TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG ABRIL 27, 2009, ARAW NG LUNES, SA GANAP NA IKA-9:25 NG UMAGA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| KGG. ALAN T. PAMATMAT | ........ | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kgg. Louie C. de Leon | ......... | Kagawad |
| Kgg. Ramon D. Tan | ......... | Kagawad |
| Kgg. Jun M. Asinas | ......... | Kagawad |
| Kgg. Romulo A. Elca | ......... | Kagawad |
| Kgg. Laura P. Obligacion | ......... | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | ......... | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | ......... | Kagawad |
| Kgg. Oscar F. Feliciano | ......... | Kagawad |
| Kgg. Isagani R. Malapaya | ......... | Kagawad – Pangulo /Liga ng mga Barangay |
| Kgg. John Carlos C. delos Reyes | ..... | Kagawad – Pangulo / Sang. Kabataan |

## KAPASIYAHAN BLG. 099-T2009

## KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PAGKAKALOOB NG DEVELOPMENT PERMIT SA LAGUNA HEIGHTS SUBDIVISION NA MAY SUKAT NA 21,258 METRO-KUWADRADO SA BARANGAY SAN JOSE, SANTA CRUZ, LAGUNA.

**SAPAGKA'T**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito sa pamamagitan ng pagliliwat ng Kgg. Punong Bayan, ang kahilingan ng Golden Ventures Realty and Development Inc. na pagkalooban ng development permit ang Laguna Heights Subdivision na may sukat na 21,258 metro-kuwadrado at matatagpuan sa Brgy. San Jose ng bayang ito;

**SAPAGKA'T**, matapos ang pag-aaral at pagsusuri ng Lupon sa Pabahay at Paggamit ng Lupa at makita ang kasapatan sa mga hinihinging dokumento o papeles para sa pagkakaloob ng development permit, ayon sa mga isinagawang pulong at "ocular inspection" ay inirekomenda sa kabuuan ng Sangguniang Bayan ang pagkakaloob ng development permit sa nabanggit na lupa.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Angelito U. Limjuco (Tagapamuno ng Lupon sa Pabahay at Paggamit ng Lupa), na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. John Carlos C. delos Reyes at Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang sumusunod na:

## KAUTUSANG BAYAN BLG. 09-T2009

**IPINAG-UUTOS** ng Kgg. Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na:

**SEKSYON 1** – Pagkalooban ng "development permit" ang Laguna Heights Subdivision na may sukat na 21,258 metro-kuwadrado na matatagpuan sa Brgy. San Jose, Santa Cruz, Laguna.

**SEKSYON 2** - Ang kautusang ito ay magkakabisa matapos na mapagtibay.

**INIUUTOS**: Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Sangguniang Panlalawigan, Kgg. Punong Bayan, Pambayang Tagataya, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Golden Ventures Realty and Development Inc., lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY**.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**JEANETTE P. ALFONSO**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**KGG. LOUIE C. DE LEON**
Kagawad

**KGG. RAMON D. TAN**
Kagawad

(karugtong ng Kapasiyahan Blg. 099-T2009)



**KGG. JUN M. ASINAS**
Kagawad

**KGG. ROMULO A. ELCA**
Kagawad

**KGG. LAURA P. OBLIGACION**
Kagawad

**KGG. ROSELON F. PAMATMAT**
Kagawad

**KGG. ANGELITO U. LIMJUCO**
Kagawad

**KGG. OSCAR F. FELICIANO**
Kagawad

**KGG. ISAGANI R. MALAPAYA**
Kagawad

**KGG. JOHN CARLOS C. DELOS REYES**
Kagawad

NAGPATOTOO: Alan T. Pamatmat
**KGG. ALAN T. PAMATMAT**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:
**KGG. ARIEL T. MAGCALAS**
Punong Bayan